

Pag-aaplay para sa isang Marriage Licence

Ang isang marriage licence ay kailangang bilhin bago magaganap ang isang seremonya ng kasal (civil o relihiyoso).

Kailangang makumpletong sagutan ang isang form-aplikasyon para sa isang marriage licence at malagdaan ng kapwa aplikante at kasamang aplikante. Kailangang isumite ang form-aplikasyon kasama ang mga orihinal na pansuportang dokumento para sa dalawang aplikante. Kabilang sa mga pansuportang dokumento ang Identipikasyon, mga dokumento ng diborsyo (kung angkop) at ang mga dokumento ng salin (kung angkop).

Bayad

\$150.00

Mga Hinihingi sa Identipikasyon

Ang mga aplikante ay kailangang magbigay ang bawat isa ng dalawang (2) pirasong identipikasyon. Kailangang magbigay ang mga aplikante ng:

- Isang pirasong identipikasyon mula sa Talaan 1, at isang pirasong identipikasyon mula sa Talaan 2, o
- Dalawang piraso ng identipikasyon mula sa Talaan 1.

Kahit isa sa mga dokumento ay maglalaman ng kasalukuyang litrato. Tanging ang mga item na nakapahayag sa loob ng mga talaan ang tatanggapin.

Ang lahat ng identipikasyon ay **kailangang orihinal at balido** (ibig sabihin, hindi expired). Ang pangalan, apelyido at mga petsa ng kapanganakan ay kailangang tumugma sa kapwa piraso ng identipikasyon. Ang mga photocopy ng identipikasyon ay hindi tatanggapin.

Talaan 1 – Pangunahing ID	Talaan 2 – Sekondaryong ID
<ul style="list-style-type: none">* Birth Certificate* Canadian Citizenship Card* Kasalukuyan, balidong Pasaporte* Canadian Record of Immigrant Landing* Balidong Dokumento ng Refugee ng Pamahalaan ng Canada (may litrato)	<ul style="list-style-type: none">* Certificate of Canadian Citizenship* Citizenship Card mula sa alinmang bansa* Drivers' Licence* Inisyu ng pamahalaan na photo card* Permanenteng Card ng Residente
<p><i>*Kung ang mga dokumento ay hindi sa salitang Ingles, ang isang nakasulat na salin ng isang sertipikadong Canadian translator ay kailangang ibigay kasama ng mga orihinal na dokumento. Ang mga sertipikadong translator ay makikita sa pamamagitan ng Association of Translators and Interpreters of Ontario.</i></p>	

Mga Menor de Edad

Para sa mga aplikante na 16 at 17 taong gulang, kailangan ang pagpayag ng magulang.

Kailangang kumpletong masagutan ang form at lagdaan ng kapwa mga magulang/ guardian. Makukuha ang mga form sa aming tanggapan.

Mga Interpreter

Ang (mga) aplikanteng inisyuhan ng licence ay kailangang mahusay na magbasa at magsalita ng Ingles, o kaya ay sinamahan ng isang interpreter.

Kinakailangan sa mga interpreter na magpakita ng identipikasyon at kumpletong form ng deklarasyon.

Mga Aplikante na Diborsyado/Diborsyada

Diborsyo sa Canada: Ang orihinal o certified ng korte na kopya ng Certificate of Divorce ay kailangan. Ang mga Photocopy, hatol o mga Kautusan sa Diborsyo ay hindi tatanggapin.

Diborsyo sa Dayuhan: Ang Isang Awtorisasyon sa Diborsyo sa Dayuhan ay kailanggang makuha mula sa Lalawigan ng Ontario bago maisyu ang isang license. Ang mga aplikante ay kailangang magbigay ng kanilang Awtorisasyon sa Diborsyo sa Dayuhan (Foreign Divorce Authorization) kapag nag-aaplay para sa isang license. Ang karagdagang impormasyon ay makukuha mula sa aming tanggapan at sa Service Ontario.
